AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
**Aralin 33**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 33** |
|---|
| Theme: Mga Bayani Sa Aking Paligid - "Si Mang Andoy Barangay Tanod' |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Si Mang Andoy Barangay Tanod**

**WRITING PROMPT LESSON 33**
**---**

**I.Pagbati**
Magandang buhay, mga makata! Ating kilalanin ang isa na namang bayani sa ating paligid, handa na ba kayong marinig ang kwento ni Mang Andoy? Ating basahin!

**II. Writing Prompt of the Day**
Habang may Enhanced Community Quarantine, may mga barangay tanod na araw-araw at gabi-gabing umiikot para sa seguridad ng mga tao at paalalahanan na tuwing lalabas ay magmamask. Sila rin ay nagpapaalala ng curfew at pinagsasabihan ang mga sumusuway sa curfew.

Isa sa mga tanod sa inyong barangay ay si Mang Andoy. Isa siya sa pinakamatagal nang tanod sa iyong barangay. Tuwing umaga'y, mag sasabi siya ng Good morning at magpapaalalang manatili sa bahay at kumain ng masustansyang pagkain para di magkasakit. Kasama si Mang Andoy tuwing magrarasyon ng pagkain o manok ang barangay. Kahit mahirap at araw-araw ang trabaho'y kita ang giliw sa mukha ni Mang Andoy.

Tingin mo ba, bayani ang tulad ni Mang Andoy?
•Bago mo nalaman ang kwento ni Mang Andoy, pumasok ba sa iyong isipan na ang mga tulad ni Mang Andoy ay bayani rin? Bakit oo? Bakit hindi?
•Matapos marinig ang kwento ni Mang Andoy, siya ba ay isang bayani?
•Bakit mahalaga ang tulad ni Mang Andoy sa ating komunidad?
•Ano ang maaaring mangyari kung wala ang mga tulad ni Mang Andoy sa ating komunidad?

**III.Teacher's Message**

Ating kilalanin at alamin ang kwento ng mga bayani sa ating paligid sa pamamagitan ng pagsagot sa ating mga katanungan. Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong mga saloobin pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."